



STATE OF HAWAII
DEPARTMENT OF EDUCATION

Abiso sa mga Karapatan sa Ilalim ng FERPA para sa mga Elementarya at Sekundaryang Paaralan

Binibigyan ng Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA) ang mga magulang, tagapangalaga, at karapat-dapat na mag-aaral (18 taong gulang o mas matanda) ng ilang partikular na karapatan hinggil sa mga record ng edukasyon ng mag-aaral.

Ang mga karapatang ito ay:

1. Ang karapatang siyasatin at suriin ang mga record ng edukasyon ng mag-aaral sa loob ng 45 araw pagkalipas ng araw na makatanggap ng kahilingan para sa access ang paaralan.

Dapat magsumite ang mga magulang, tagapangalaga, o karapat-dapat na mag-aaral sa principal ng paaralan ng isang nakasulat na kahilingang tumutukoy sa (mga) record na gusto nilang siyasatin. Magsasagawa ang principal ng mga paghahanda para sa access at aabisuhan ang magulang, tagapangalaga o mag-aaral tungkol sa oras at lugar kung saan maaaring siyasatin ang mga record.

2. Ang karapatang hilingin ang pagbabago sa mga record ng edukasyon ng mag-aaral na pinaniniwalaan ng magulang, tagapangalaga o karapat-dapat na mag-aaral na mali o nakakalito, o kung hindi naman ay lumalabag sa mga karapatan sa privacy ng mag-aaral sa ilalim ng FERPA.

Maaaring hilingin ng mga magulang, tagapangalaga o karapat-dapat na mag-aaral sa paaralan na baguhin ang isang record na pinaniniwalaan nilang mali, nakakalito, o kung hindi naman ay lumalabag sa mga karapatan sa privacy ng mag-aaral sa ilalim ng FERPA. Dapat nilang sulatan ang principal ng paaralan, tukuyin nang malinaw ang bahagi ng record na gusto nilang baguhin, at tukuyin kung paano ito naging mali, nakakalito, o kung hindi naman ay lumalabag sa mga karapatan sa privacy ng mag-aaral sa ilalim ng FERPA. Kung magpapasya ang paaralang hindi baguhin ang record gaya ng hiniling ng magulang, tagapangalaga o karapat-dapat na mag-aaral, aabisuhan ng paaralan ang magulang, tagapangalaga o karapat-dapat na mag-aaral tungkol sa desisyon at sa kanilang karapatang magkaroon ng isang pagdinig hinggil sa kahilingan para sa pagbabago. Bibigyan ang magulang, tagapangalaga o karapat-dapat na mag-aaral ng karagdagang impormasyon hinggil sa mga pamamaraan ng pagdinig kapag naabisuhan tungkol sa karapatang magkaroon ng isang pagdinig.

3. Ang karapatang magbigay ng nakasulat na pahintulot sa paaralan bago magsiwalat ng personal na nakapagpapakilalang impormasyon (personally identifiable information o PII) na nasa mga record ng edukasyon ng mag-aaral, maliban sa hangganang pinapahintulutan ng FERPA ang pagsiwalat nang walang pahintulot.

Isang pagbubukod na nagpapahintulot ng pagsiwalat nang walang pahintulot ay ang pagsiwalat sa mga opiyal ng paaralan nang may mga lehitimong interes na pang-edukasyon. Ang isang opiyal ng paaralan ay isang taong namamasukan sa paaralan bilang isang administrator, supervisor, guro, o miyembro ng support staff, mga taong namamasukan sa Hawaii State Department of Health na nagsisiilbi sa mga mag-aaral, o isang taong naninilbihan sa school board. Ang isang opiyal ng paaralan ay maaari ding maging isang volunteer o contractor sa labas ng paaralan na nagsasagawa ng serbisyong pang-institusyon o tungkulin na kung iba ang sitwasyon ay gagamitin ng paaralan ang sarili nitong mga empleyado para dito at nasa ilalim ng direktang kontrol ng paaralan pagdating sa paggamit at maintenance ng PII mula sa mga record ng edukasyon; isang magulang o mag-aaral na nagbo-volunteer na manilbihan sa isang opiyal na komite, gaya ng isang komiteng pandisiplina o para sa hinaing; o isang magulang, mag-aaral o iba pang volunteer na tumutulong sa isa pang opiyal ng paaralan sa pagsasagawa ng kanyang mga gawain. Ang isang opiyal ng paaralan ay mayroong lehitimong interes na pang-edukasyon kung kailangan ng opiyal na suriin ang isang record ng edukasyon upang tuparin ang kanyang propesyunal na responsibilidad na pang-edukasyon.

Kapag hiniling, isinisiwalat ng Paaralan ang mga record ng edukasyon nang walang pahintulot sa mga opiyal ng isa pang school district kung saan hinahangad o binabalak na mag-enroll ng isang mag-aaral.

4. Ang karapatang maghain ng reklamo sa Hawaii Department of Education (HIDOE) at/o sa U.S. Department of Education hinggil sa mga diumano'y kabiguan ng paaralan na sumunod sa mga kinakailangan ng FERPA. Ang pangalan at address ng tanggapan ng HIDOE upang maghain ng reklamo ay:

Data Governance Office
Hawaii Department of Education
P.O. Box 2360
Honolulu, Hawaii 96804

Maaari ding maghain ng isang reklamo nang electronic sa pamamagitan ng email, sa FERPA@notes.k12.hi.us.

Ang pangalan at address ng tanggapan ng U.S. Department of Education na nangagasiwa sa FERPA ay:

Family Policy Compliance Office
U.S. Department of Education
400 Maryland Avenue, SW
Washington, DC 20202-5901.

Pinapahintulutan ng FERPA ang pagsisiwalat ng PII mula sa mga record ng edukasyon ng mag-aaral, nang walang pahintulot ng magulang, tagapangalaga, o karapat-dapat na mag-aaral, kung natutugunan ng pagsisiwalat ang ilang partikular na kundisyong nakikita sa §99.31 ng mga regulasyon ng FERPA. Maliban sa mga pagsisiwalat sa mga opiyal ng paaralan, mga pagsisiwalat na nauugnay sa ilang utos ng hukuman o subpoena na ibinagay nang naayon sa batas, mga pagsisiwalat ng impormasyon sa direktoryo, mga pagsisiwalat sa magulang, tagapangalaga, o karapat-dapat na mag-aaral, at/o mga pagsisiwalat na batay sa pahintulot ng magulang, tagapangalaga, o karapat-dapat na mag-aaral, hinihingi ng §99.32 ng mga regulasyon ng FERPA sa paaralan na itala ang pagsisiwalat. May karapatan ang mga magulang, tagapangalaga, at karapat-dapat na mag-aaral na siyasatin at suriin ang record ng mga pagsisiwalat.

Mababasa sa 14 na wikang hindi Ingles ang mga pagsasalin ng dokumentong ito.

Makikita ang mga pagsasalin online sa <http://ferpa.k12.hi.us>